# Balitang Manmin

BILANG 175 MARSO 5, 2017


# "Lumago ang Pananampalataya Ko sa South Korea"

## Nahanap ang Kaligayahan sa Ibang Bansa ng Overseas Parish, Chinese Parish, at Lord's Love Mission



Sinasabing nagkakaroon ng problema dahil sa magkaibang kultura, karamdaman, at pinansyal ang mga banyagang naninirahan sa Korea. Pero nalutas ang problema ng karamihan sa kanila dahil sa ebanghelyo ng kabanalan at kapangyarihan ng Diyos nang maging miyembro sila ng Mamin Central Church. Mayroon na silang tunay na kapayapaan at kasiyahan.

### Mga Parokya sa Ibang Bansa – Nagkakaisa Dahil sa Pag-ibig

Ang parokya sa ibang bansa ay binubuo ng mga miyembro na nagmula sa sampung iba't ibang bansa at naninirahan ngayon sa Korea.

Binubuo ito ng anim na cell group – ang wikang ginagamit ay para sa mga Ingles, Prances, Ruso, Kastila, Hapon, Mongolian, Vietnamese, at iba pa. Sa tulong ng Panginoon, mabilis natuto ng wikang Koreano ang mga lider ng cell group, kaya iginagalang sila sa lugar na pinaglilingkuran nila. Tumutulong sila sa mga pastor ng parokya sa pagsasalin ng mga salita kapag bumibisita sila sa mga miyembro.

Maraming mag-asawang nagdidiborsiyo sa lugar na ito dahil sa problema sa komunikasyon, pagkakaiba ng kultura, at hindi pagkakaintindihan ng manugang at biyenan. Pero dahil natuto sila ng kabutihan at pagmamahal sa ebanghelyo ng kabanalan, mapayapa na ang mga pamilya nila. Ayon sa taga-Vietnam na lider ng cell na si Diakonesa Riu, 33 taong gulang, "Masaya ako kahit nakatira sa ibang bansa dahil walang imposible sa Panginoon. Sumiglang muli ang cell group ko noong nakaraang taon at tumanggap ako ng parangal bilang 'Pinakamahusay na Lider ng Cell Group'. Marami ring tinatanggap na biyaya ang negosyo ng asawa ko. Mas bumuti ang paningin ko habang nagsasalin ng mga sermon."

Mula sa iba't ibang bansa ang mga miyembro, pero damang-dama nila ang pagmamahal ng pastol. Nagtutulungan sila at nagkakaisa tulad ng Unang Iglesya. Pinaplano ng mga miyembro mula sa Overseas Parish na ipamahagi ang ebanghelyo ng kabanalan sa mga bansa nila.

### Naranasan ng Chinese Parish ang Kapangyarihan ng Diyos at Naging Masigasig Sila sa Pagsulong Patungo sa Langit

May dalawang parokya ang Chinese Parish: ang isa ay binubuo ng katutubong Tsino at ang isa naman ay binubuo ng mga Tsino at Koreano. May grupo ng mga mangangantà at mananayaw ang parokya, sila ang namamahala ng panimulang pag-awit ng mga papuri sa mga pagpupulong.

Dati, nahihirapan sila sa mga karamdaman sa katawan at mga kirot sa puso dahil sa mga problema. Pero nang isama sila sa Manmin, gumaling sila mula sa maraming karamdaman, at tumanggap sila ng mga solusyon sa mga problema. Napupuno na sila ngayon ng pag-asa.

Gumaling ang paglabo ng paningin (macular degeneration at glaucoma) ni Diakonesa Wolsoon Kim, 80 taong gulang, ang kanser sa dibdib ni Diakonesa Yeonok Kim, 78 taong gulang, ang hika ni Diakono Chunil Kim, 55 taong gulang, sakit na dala ng kanser sa tiyan ni Diakonesa Soonja Kim, 68 taong gulang, ang epidural leakage ni Diakonesa Minhwa Lee, 60 taong gulang, ang bukol sa dibdib at anemia ni Diakonesa Youngsook Jang, 52 taong gulang, ang sakit sa puso, depresyon, at sociophobia (takot humarap sa mga tao) ni Diakonesa Ilhwa Kim, 49 taong gulang. Umaapaw ang mga patotoo ng mga pinagaling sa parokyang ito.

Sinabi ng Punong Diakonesa Changsoon Won, 63 taong gulang, "Noong unang beses na pagpunta ko sa iglesya, gumaling agad ang problema ko sa mga mata at gulugod dahil sa panalangin ni Dr. Jaerock Lee sa pagsamba. Nabasa ko kahit maliliit na letra dahil bumuti ang paningin ko."

Inaalagaan ng mga miyembro ng Chinese Parish ang mga dumadanas ng kahirapan, tapat sila sa pagbabahagi ng ebanghelyo at pagtupad ng mga tungkulin nila. Dahil dito, sumisigla ang mga espiritu nila.

### Nagkaroon ng Kapayapaan at Kaligayahan sa South Korea ang Lord's Love Mission

Ang Manmin Lord's Love Mission ay binubuo ng mga nakatakas mula sa North Korea. Gumaling sila mula sa maraming karamdaman tulad ng cerebral infarction (kulang ang dugo na dumadaloy sa utak), katarata, rayuma, sakit sa puso, pagkabalisa, at depresyon. Ang walang patid na suporta ng iglesya ay tumutulong sa kanila na magkaroon ng matatag at masayang buhay. Bukod dito, lumalago ang kanilang pananampalataya. Sinusunod nila ang buong araw ng Sabbath at nagsusulong sila ng mapayapa at masayang buhay habang umaasa sa buhay na walang hanggan sa Langit.



# Sa Kabila ng Pagpapahayag ng Kanilang Pananampalataya sa Diyos Hindi Maliligtas ang mga Taong Ito



Punong Pastor Dr. Jaerock Lee

"Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginon', ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Ama na nasa langit."
(Mateo 7:21)

"...May kasalanang tungo sa kamatayan, hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin ninyo."
(1 Juan 5:16)

Sa Mateo kabanata 25 mababasa natin ang tungkol sa limang "masinop" (mapaghanda at matatalino) na birhen na naghanda ng "ilawan at langis" at limang "hangal" na birhen na hindi nagdala ng "langis". Nang sabihing parating na ang lalaking pakakasalan, humayo para bumili ng langis ang mga birheng hangal, pero pagbalik nila, napagsarhan na sila ng pintuan.

Sinisimbulo ng sampung birhen ang lahat ng mga mananampalatayang umaasa sa buhay na walang hanggan sa Langit, at ang "lalaking pakakasalan" ay si Jesu-Cristo. Ang mahalagang aral na matututuhan dito ay, sa sampung birhen ang limang nakahandang birhen lang ang nakapasok sa handaan at ang natitirang lima ay napagsarhan ng pintuan. Tulad ng limang huling binanggit, hindi maliligtas ang ibang mananampalataya. Sa mga nagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos sino ang hindi makakapasok sa Langit?

## 1. Mga Taong Lumalabag sa Kautusan

Sinasabi ng Mateo 7:21, "Hindi lahat ng nagsasabi sa Akin, 'Panginoon, Panginoon,' ay papasok sa kaharian ng langit, kundi ang gumaganap ng kalooban ng Aking Amang nasa langit."

Sa mga sumunod na talatang 22-23, nagpatuloy si Jesus: "Sa araw na iyon ay marami ang magsasabi sa Akin, Panginoon, Panginoon, hindi ba nagpropesiya kami sa Iyong pangalan, at nagpalayas ng mga demonyo sa Iyong pangalan, at sa Iyong pangalan ay gumawa kami ng maraming gawang makapangyarihan?" At kung magkagayon ay ipapahayag Ko sa kanila, 'Hindi Ko kayo kilala kailanman; lumayo kayo sa Akin, kayong mga gumagawa ng kasamaan!'

Sa katapusan ng mundo – sa Araw ng Paghuhukom – ihihiwalay ng ating Panginoon ang mga masasama na hindi sumunod sa kautusan, idinamay pa ang iba sa paggawa ng kasalanan. Itatapon Niya ang mga ito sa pugon ng apoy na parusa ng Impiyerno (Mateo 13:40-42).

Anong ibig sabihin ni Jesus sa "lumalabag sa kautusan"? Gaya ng sinasabi sa atin ng 1 Juan3:4, "Ang sinumang gumagawa ng kasalanan ay lumalabag din naman sa kautusan; at ang kasalanan ay ang paglabag sa kautusan." Ang paglabag sa kautusan o kasalanan ay nagmumula sa paglabag sa kautusan ng katotohanan, ito ang mismong Salita ng Diyos. Ginagawa ng mga taong lumalabag ng kautusan ang mga bagay na ipinagbabawal sa Biblia; mga hindi nagwawaksi ng mga bagay na sinasabi ng Bibliang iwaksi; mga hindi ginagawa ang mga bagay na ipinagagawa ng Biblia; at mga hindi sumusunod sa mga ipinag-uutos ng Biblia.

May paliwanag pa ang Biblia tungkol dito sa 1 Mga Taga-Corinto 6:9-10, "Hindi ba ninyo nalalaman na ang mga masasamang tao ay hindi nagmamana ng kaharian ng Diyos? Huwag kayong padaya! Ang mga mapakiapid, mga sumasamba sa mga diyus-diyosan, mga mangangalunya, mga binabae, mga makikiapid sa kapwa lalaki, mga magnanakaw, mga sakim, mga maglalasing, mga mapagmura, o mga manggagantso ay hindi magmamana ng kaharian ng Diyos." Kung nagpapatuloy ang isang tao sa paggawa ng kasalanan, hindi niya mamanahin ang Langit, mapupunta siya sa Impiyerno kahit sinasabi niyang nananampalataya siya sa Panginoon (Galacia 5:19-21).

Baka may magtanong sa inyo, "Kung nagsinungaling ang isang bagong Cristiano, at hindi siya naligtas dahil sa pagsisinungaling, ilang tao ang maliligtas?" Siyempre, hindi pa naiiwaksi ng isang taong bagong Cristiano pa lang ang lahat ng kasalanan niya. Pero kapag nanalangin siya, at nagsikap, at nagbago, kikilalanin ng Diyos ang pagsisikap niya. Pruweba ito ng pananampalataya niya na nagpapakitang karapat-dapat siyang maligtas.

Pero, kung ni hindi man lang sinusubukan ng taong ito na magwaksi ng kasalanan, at nagpapatuloy pa sa pagkakasala at nalulunod sa kamunduhan, ang sinasabi niyang, "Nagtitiwala ako," ay nagiging kasinungalingan.

## 2. Mga Gumagawa ng Kasalanan na Ikamamatay Nila

Mababasa natin sa 1 Juan 5:16, "...May kasalanang tungo sa kamatayan. Hindi tungkol dito ang sinasabi ko na idalangin ninyo."

Hinihikayat tayo na maging masipag sa pananalangin para sa mga gumawa ng kasalanan na hindi magdadala sa kamatayan. Tulungan natin silang talikuran ang mga kasalanan. May ibang kasalanan pa na nagdadala sa kamatayan. Anu-ano ba ito?

May paalaala si Jesus sa atin sa Mateo 12:31, "Kaya't sinasabi ko sa inyo, ang bawat kasalanan at paglapastangan ay ipapatatawad sa mga tao; ngunit ang paglapastangan laban sa Espiritu ay hindi ipatatawad," at inulit ito sa Lucas 12:10, "At ang bawat bumigkas ng salita laban sa Anak ng Tao ay patatawarin; ngunit ang magsalita ng kalapastanganan laban sa Espiritu Santo ay hindi patatawarin."

Ang "paglapastangan laban sa Banal na Espiritu" ay paglaban at pagtawag sa Banal na Espiritu na "diyablo" o "Satanas" at ipinapalagay na ang kapangyarihan ng Diyos na ipinapakita ng Banal na Espiritu ay kapangyarihan ng mga demonyo at ni Satanas.

Ang "pakikialam sa Banal na Espiritu" ay nangangahulugang pinipigilan ng isang taong mangyari ang pagpapakita ng kapangyarihan ng Diyos dahil sa pagtanggi o pagkaila nito pagkatapos niyang maranasan o makita ang kapangyarihan ng Banal na Espiritu.

Halimbawa, "pakikialam sa Banal na Espiritu" ang pagkakalat ng walang basehang tsismis at pag-aakusa ng mali dahil tinatawag nila ang isang kongregasyon na mayroong nagaganap na pagpapakita ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na "erehe" o "mali". Matindi at nakakatakot ang kasalanang ito. Hinahamon nito ang Diyos na Manlilikha at ginugulo at pinipigilan ang katuparan ng kaharian Niya.

Kung dadagdagan pa ang pakikialam sa Banal na Espiritu ng mga plano o paraan at ng aktuwal na pagsasagawa ng mga plano o paraang ito, ang kasalanan ay tatawaging "paglalapastangan sa Banal na Espiritu." Sa Marcos 3:20-30 ay may tagpong nilapastangan, pinakialaman, nilabanan ang Banal na Espiritu. Naniwala ang mabubuting tao sa mga balita tungkol kay Jesus at niluwalhati nila ang Diyos. Pero nag-isip at nagkalat ng masasamang tsismis, ang masasamang tao. Nanguna na dito ang mga eskriba at Fariseo, ipinagmalaki nila ang malalim na kaalaman nila sa Biblia. Inakusahan nila si Jesus na 'wala sa tamang pag-iisip' at 'sinapian ni Beelzebul'.

Tinawag sila ni Jesus at kinausap gamit ang talinhaga, "Paano palalayasin ni Satanas si Satanas? Kung ang isang kaharian ay magbabaha-bahagi laban sa kanyang sarili, hindi makakatayo ang kahariang ito. Kung maghihimagsik si Satanas laban sa kanyang sarili at magkakabaha-bahagi, hindi siya makakatayo, kundi siya'y magwawakas!" Mayroong mahigpit na kautusan sa mundo ng masasamang espiritu na hindi pinapalayas ng mga demonyo na sumasapi sa tao ang ibang demonyo, hindi pinapalayas ni Satanas ang sarili niya.

Nagpatuloy si Jesus sa mga talata 28-29, "Katotohanang sinasabi ko sa inyo na patatawarin ang lahat ng mga kasalanan ng anak ng mga tao at anumang paglapastagan na kanilang sabihin; ngunit sinumang magsalita ng paglapastangan laban sa Espiritu Santo ay walang kapatawaran magpakailanman, kundi nagkakasala ng isang kasalanang walang hanggan." Paano maliligtas ang isang tao kung nilalapastangan, pinakikialaman, nilalabanan niya ang kapangyarihan ng Diyos at tinatawag itong "kapangyarihan ng demonyo"?

Nagpapakita ang Diyos na hindi nagbabago kahapon, ngayon, at magpakailanman ng mga tanda at himala, sa kasalukuyan sa mga taong kinalulugdan Niya (Juan 4:48), pinatutunayan Niya na buhay Siya at kasama natin Siya sa pamamagitan ng mga taong ito. Kaya huwag ninyong labanan, pakialaman, at lapastanganin ang Banal na Espiritu.

Mahal kong mga kapatid kay Cristo, idinadalangin ko sa pangalan ng Panginoon na sa tulong ng mensaheng ito maiintindihan ninyo na pwedeng hindi maligtas ang isang tao kahit sinasabi niyang nananampalataya siya. Iwasan natin ang daan na patungo sa kamatayan, nawa'y makarating tayo sa Langit sa pamamagitan ng tuwid na daan!

## Pahayag ng Pananampalataya

1. Naniniwala ang Manmin Central Church na ang Biblia ay Salita ng Diyos at ito ay perpekto at walang mali.
2. Naniniwala ang Manmin Central Church sa pagkakaisa at pagkilos ng Diyos sa Tatlong Persona: Diyos na Banal na Ama, Diyos na Banal na Anak, at Diyos na Banal na Espiritu.
3. Naniniwala ang Manmin Central Church na tayo ay mapapatawad sa ating mga kasalanan sa pamamagitan lamang ng pagtubos ng dugo ni Jesu-Cristo.
4. Naniniwala ang Manmin Central Church sa muling pagkabuhay at pag-akyat ni Jesu-Cristo sa Langit, sa Kanyang Pangalawang Pagbabalik, sa Milenyo, at sa walang hanggang Langit.
5. Ang mga miyembro ng Manmin Central Church ay nagpapahayag ng kanilang pananampalataya sa pamamagitan ng "The Apostles' Creed" o Credo ng Apostol sa bawat pagtitipon at pinaniniwalaan nila ang bawat isang salitang nakapaloob dito.

"Siya [Diyos] ang nagbibigay sa lahat ng tao ng buhay at ng hininga, at ng lahat ng bagay na ito." (Ang Mga Gawa 17: 25)

"Walang kaligtasan sa kanino pa man, sapagkat walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay sa mga tao na ating ikaliligtas." (Ang Mga Gawa 4: 12)

Tagalog
Balitang Manmin
Inilathala ng Manmin Central Church
Address: 29, Digital-ro 26-gil, Guro-gu, Seoul, Korea, 08389
Telepono: 82-2-818-7047 Fax: 82-2-818-7048
Website: http://www.manmin.org/english
www.manminnews.com
Email: manminen@manmin.kr
Tagapaglathala: Dr. Jaerock Lee Punong Patnugot: Geumsun Vin

# “Masaya Kami sa Panginoon!”

Narito ang mga patotoo ng mga taong ginabayan patungo sa Panginoon noong panahong mag-isa sila sa kalungkutan at kahirapan, at mga nakadama ng pag-ibig ng Diyos na gumagawa para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa Kanya. Naranasan nila ang kapangyarihan ng Diyos na nagligtas ng mga kapamilya nila mula sa kamatayan dahil sa panalangin.



## “Nagkaroon Ako ng Matinding Pananamlay at Nawalan ng Malay, Pero Nagising Ako, Malusog ang Pag-iisip!”

Kapatid Jaswant Singh, 69 taong gulang,
Chennai Manmin Church, India

Noong Nobyembre 2014, bumisita ako sa kapatid kong babae na naninirahan sa lunsod ng Chennai sa katimugang bahagi ng India. Isinama niya ako sa Chennai Manmin Church. Labis ang kalungkutan ko magmula nang mamatay ang asawa ko noong nakaraang taon. Hirap din ang paghinga ko kapag humihiga at bumabangon ako.

Noong Hulyo 2016, nasuring mayroon akong matinding depresyon, pwede itong umabot sa tangkang pagpapakamatay. Noong Agosto 2, nahirapan na naman akong huminga, pumunta ako sa ospital. Kinabukasan, inilipat ako sa Intensive Care Unit. Pinatawagan ko sa anak kong babae si Pastor Joseph Han na nasa retreat sa tag-init sa Korea para hilingin na tanggapin ang panalangin ni Dr. Jaerock Lee para sa akin. Sa ika-anim na araw ko sa ospital, inatake ako sa puso, at nawalan ng malay.

Noong Agosto 7, araw ng Linggo, nakipagkamay si Pastor Han kay Dr. Jaerock Lee habang nakasulat ang pangalan ko sa palad ng kanyang kanang kamay. Sa sandaling iyon, nagkaroon ng himala. Nagising ako! Inialis ako sa ICU at kinaumagahan, pinauwi ako, ganap ang paggaling ko mula sa depresyon. Hallelujah!



## “Tumanggap Ako at ang Asawa Ko ng Parangal Mula sa Tagapangasiwa ng Edukasyon”

Diakonesa Kayoung Park, 34 taong gulang,
Parokya 17, Manmin Central Church

Noong pumapasok pa ako sa paaralan, tumanggap ako ng maraming pagpapala mula sa mga pagtuturo ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee tungkol sa Genesis. Nangarap akong maging guro ng siyensya na magtuturo tungkol sa Diyos na Manlilikha. Naatasan akong magturo sa high school, mahigpit ang kumpetison dito, pero, napapagtagumpayan ko ang lahat dahil sa pananampalataya at tulong ng pananalangin ng punong pastor. Para mabayaran ang pagpapalang tinanggap, pumasok kaming mag-asawa sa master’s program ng Edukasyon para sa taong 2016.

Sa kabila ng kakaunting pagpupursigi naming mag-asawa, binigyan kami ng Diyos ng dakilang pagpapala bago matapos ang taong 2016. Tumanggap ang asawa kong si Diakono Sungjin Kim, isang guro sa elementarya, ng premyo mula sa Tagapangasiwa ng Edukasyon dahil sa iniambag niya sa polisiya ng edukasyon. Tumanggap din ako ng dalawang premyo dahil sa tulong na iniambag ko sa pagbuo ng malikhaing paraan ng pagtuturo ng siyensya para sa mga estudyanteng mayroong hindi pangkaraniwang talino at talento. Nakapagtapos din kami ng master’s degree sa isang graduate school pf education ng Yonsei University.

Bukod dito, nabahagian ng ebanghelyo ang buong pamilya ko! Lahat ng miyembro ng pamilya ko ay naging manggagawa ng iglesya sa magkakaibang misyon. Ibinibigay ko ang lahat ng pagpapasalamat at luwalhati sa Diyos dahil sa pagibig Niya para sa amin.

## “Natanggap Ako sa Vocal Music Department ng Seoul National University”National University”

Kapatid Hyungmin Woo,
20 taong gulang,
Busan Manmin Church



Nagdusa ako mula sa maraming klaseng karamdaman tulad ng karamdaman sa mata, hand-foot-and-mouth, at impetigo. Gumaling ako dahil sa panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee, naging malusog ako.

Pinag-aralan ko ang tamang paraan ng pagkanta (vocal music) noong nasa ika-11 baitang ako dahil gustong-gusto kong kumanta ng Papuring Manmin. Alam kong hindi ko magagawa ito kung walang tulong kaya tinanggap ko ang panalangin ng punong pastor bago ang bawat leksyon sa pag-aaral ng tamang paraan ng pagkanta. Nagdadala ako sa bulsa ko ng panyong dinalanginan ng punong pastor tuwing sasali ako sa mga kumpetisyon (Ang Mga Gawa 19:11-12). Nanalo ako ng malalaking premyo kahit sandaling panahon pa lang ako nag-aaral ng boses at lumalaban sa mahuhusay na estudyante mula sa Arts High School. Ikinagulat ng mga taong kakilala ko ang tagumpay na tinatamasa ko.

Binigyan ako ng Diyos ng pagtitiwalang makakapasok sa Seoul National University kung lalakad akong may pananampalataya. Parang napakahirap para sa akin na paghandaan sa maiksing panahon ang pagsusulit kumpara sa ibang estudyanteng nag-aral ng tamang pagkanta magmula noong bata pa sila. Umasa ako sa Makapangyarihang Diyos at masigasig na pinaghandaan ang pagsusulit.

Napanaginipan ko ng ilang beses ang punong pastor at mas lalong lumakas ang loob ko na matatanggap ako sa unibersidad. Binasa ko ang listahan ng mga nakapasa, mapayapa ang isipan. Nang makita ko ang pangalan ko sa listahan, wala akong nasabi kundi, “Tinulungan ako ng Diyos!” Nagpapasalamat at niluluwalhati ko Siya.

## “Gumaling ang Nadurog na mga Buto”

Elder Seokgil Song, 56 taong gulang,
Presidente ng Misyon para sa mga Kalalakihan,
Manmin Central Church



Noong Hunyo 18, 2016, nagkaroon ako ng matinding pinsala habang nakasakay sa bisikleta. Sinabi ng doktor na nawala sa tamang lugar ang buto sa kanang balikat ko at nadurog ang ibang bahagi nito. Sinabi niya na dapat akong operahan para malagyan ng pin ang mga nabaling bahagi. May mga doktor na sumubok maibalik ang mga butong nawala sa tamang lugar pero hindi nila nagawa. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee Lee para sa mga maysakit na nakatabi sa smart phone ko.

Pagkatapos, nang suriin muli ng mga doktor, nasa tamang ayos na ang mga buto ko. Bukod dito, ang mga nadurog ay nabuo ulit, hindi na kailangang operahan. Noong Hulyo 3, tinanggap ko ang panalangin ng punong pastor pagbalik niya sa iglesya mula sa bahay panalanginan sa kabundukan. Panatag at kumportable ako habang nananalangin. Kinagabihan, hinubad ko ang isinusuot na proteksyon dahil bumalik na sa normal ang kalagayan ko. Hallelujah!




Dahil sa pinsala sa labas, nalinsad ang buto sa balikat, ang ibang buto ay nadurog.




Muling nabuo ang mga butong nadurog, parang inoperahan, at ang butong nalinsad ay bumalik sa normal.

# “Nagdusa Ako Mula sa Maraming Karamdaman Noon, Inisip Ko Pang Magpakamatay, Pero Ipinanganak Akong Muli!”

Kapatid Seokjoong Kwon, 66 taong gulang, Parokya 9, Manmin Central Church



Dahil sa kalungkutan at pasakit na dala ng mga karamdaman, naisip kong magpakamatay. Sampung taon nang walang pakiramdam ang magkabilang braso ko at napakasakit ng dulo ng mga daliri ko. Pinaoperahan ko ang tuhod ko pero hindi ito lubos na gumaling, kaya hindi naging normal ang paglalakad ko.

Umiihi ako tuwing lima hanggang sampung minuto dahil sa operasyon ko sa prostate kanser pitong taon na ang nakaraan. At pinakamalala sa lahat, may insomnia ako, hindi ako makatulog kahit isang oras man lang.

Noong Marso 2016, habang pinag-iisipan ko ang pagpapakamatay, hinikayat ako ng lider ng cell group na si Kongsun Yoo na dumalo sa iglesya at katagpuin ang Diyos. Dahil desperado ako, nagparehistro ako sa Manmin Central Church. Naghandog ako ng pagsamba na may pagnanais mabuhay. Tinanggap ko ang panalangin ng Punong Pastor Dr. Jaerock Lee para sa mga maysakit. Pagkalipas ng tatlong araw, napanaginipan ko ang malaking pabilog na bahaghari sa langit sa ibabaw ng iglesya. Paggising ko, napakasaya ko, wala namang dahilan.

Dumalo ako sa iglesya ng mga ilang linggo pa, namangha ako sa nangyayari sa katawan ko. Nawala ang pamamanhid ng mga braso ko at pati ang pananakit ng dulo ng mga daliri ko. Naging normal din ang pakiramdam ng mga tuhod ko. Normal na ang paglalakad ko, nakakatalon pa ako. Nakakapanalangin ako ng nakaluhod nang walang hirap.

Habang umiihi ako, may lumabas na dilaw na parang bukol. Magmula noon, nakaka-ihi na ako nang walang problema. Gumaling ako mula sa epekto ng operasyon ng prostate kanser. Pagod ang pakiramdam ko noon, pero hindi na ngayon, wala na ang insomnia ko. Mabuti na ang pakiramdam ko!

Nang maibalik ang kalusugan ko dahil sa pagpapala ng Diyos, nagkarpintero ulit ako. Nagkaroon ulit ako ng kahanga-hangang karanasan habang nagsusulong ako ng masayang buhay bilang Cristiano na may katiyakan mula sa buhay na Diyos.

Malabo ang paningin ko noon, hindi ito magamot ng salamin sa mata. Hindi ako makapagbasa ng libro dahil malabo ang mga letra. Pero noong Agosto 2016, dahil sa panalangin ng punong pastor para sa mga maysakit, bumuti ang paningin ko. Malinaw na ang tingin ko sa lahat ng bagay kahit hindi ako nakasalamin. Binabasa ko na ngayon ang Biblia at mga libro ng punong pastor.

Ang asawa kong si Songlim Son ay gumaling din mula sa malalang rayuma sa tuhod unang araw pa lang ng pagdalo niya sa iglesya. Palagi niyang sinasabi na nagpapasalamat siya dahil nalaman niya ang tungkol sa iglesya.

Nagpapasalamat at niluluwalhati ko ang Diyos na nagpagaling sa akin, isang nilalang na patungo sa kamatayan, nagdurusa sa mga sakit at lungkot. Pero dahil sa makapangyarihang panalangin, nagbago ako at naging isang taong umaasa sa buhay na walang hanggan sa Langit. Hallelujah!

# “Walang Malay ang Nanay Ko Dahil sa Atake sa Puso, pero Nagising Siya!”

Diakonesa Sohee Kim, 53 taong gulang, Parokya 24, Manmin Central Church



Noong Disyembre 12, 2016, mga 9:30 ng umaga, tumawag sa akin ang 911 Emergency Center. Sinabi nila sa akin na hinimatay sa kalye dahil sa atake sa puso ang nanay kong si Punong Diakonesa Kyunghwa Yeo, 79 taong gulang.



Sinikap ng mga doktor na patibukin muli ang puso niya pero wala pa rin siyang malay sa emergency room ng Seoul National University Hospital. Inilipat siya sa intensive care unit para sa mga pasyenteng maysakit sa puso at inoperahan siya. Sinabi ng doktor na maliit ang posibilidad na magkamalay pa siya dahil dalawampung minuto ang nakalipas bago mapatibok muli ang puso niya pagkatapos ng atake. At sinabi pa niya na kahit magising pa ito, tiyak na apektado na ang utak.

Nagsama-sama ang mga miyembro ng iglesya para ipanalangin siya. Idinalangin siya ng pastor ng aming parokya gamit ang panyong makapangyarihan (Ang Mga Gawa 19:11-12). Dahil nasa intensive care unit siya, hindi pwedeng pumasok ang mga bisita. Noong pinapasok ako, ipinarinig ko sa kanya ang panalangin ni Dr Jaerock Lee para sa mga maysakit na nasa cellphone ko.

Tatlongpu’t limang oras na ang nakalipas pagkatapos niyang mawalan ng malay. Paulit-ulit kong ipinarinig sa kanya ang panalangin ng punong pastor. Sa ika-13 ng Disyembre, ganap na ika-7:00 ng gabi, may nangyaring himala. Pakalipas ng dalawampung minuto, nakapagsalita ang nanay ko, sinabi niya, “Amen!”

Habang ipinapadinig ko sa kanya ang panalangin, mas nagiging malinaw ang pagsasabi niya ng, “Amen,” at nang tawagin ko siya ng “Nanay!” tumango siya. Pagsapit ng mga ika-8:00 ng gabi, iminulat niya ang mga mata niya, iginalaw niya ang mga kamay niya at mga paa niya bilang pagsunod sa sinasabi ng doktor. Hallelujah!



Noong Disyembre 14, sinabi sa akin ng doktor, “Nabigla ako sa nakita kong normal na siya. Sa totoo lang, hindi ko na inasahan na magigising pa siya.”

Pagdating ng hapon, tinanggal na ang makina na tumutulong sa paghinga niya. Nakita sa CT scan na walang problema sa utak niya. Mabilis ang paggaling niya. Noong Disyemre 16, tinanggal na ang tubo na dinadaanan ng pagkain. Nakakainom na siya ng tubig at yogurt at nakakakain na siya nang mabuti.

Pagkatapos ng 12 araw, pinauwi na siya. Bumalik na ang kalakasan niya at normal na ulit ang buhay niya. Ang memorya niya ay normal din, pati ang paglalakad at paggalaw niya. Punung-puno siya ng pagpapasalamat sa proteksyong ibinigay ng Diyos at sa kapangyarihan ng pastol.



Lahat ng pagpapasalamat at papuri ay para sa Diyos ng Pag-ibig na nag-aruga sa nanay ko sa kritikal na pagkakataon.

## Mga Sangay ng Ministeryo ng Manmin sa Pilipinas

**Manila Manmin Holiness Church**
441 Patato St, J-Figueras Sampaloc, Manila, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Bataan Manmin Holiness Church**
067 Daang Bago, Dinalupihan, Bataan, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Isabela Manmin Holiness Church**
Purok 3, Brgy, San Roque, San Mateo, Isabela, Pilipinas
Pastor Jaebhong Uhm
2-735-1423

**Cavite Manmin Holiness Church**
5 Lot 33 Bk 1, Canutuhan (tenant), Santiago Gen.Trias, Cavite, Pilipinas
Pastor Sharon Cho
046-850-3193 / 0916-674-3903 / 0905-319-8191

**Imus Manmin Holiness Church**
Blue Bell St. Plaridel III Sub. Bayan Luma 7, Imus Cavite, Pilipinas
Pastor Jubeom Kim
0927-311-7633

**Cebu Manmin Holiness Church**
LOT N. 402 - B-4 Looc Along Side The Canjulao Road, Lapu-Lapu City, Cebu, Pilipinas
Pastor Rossetta Sung
0921-635-7595

**Davao Manmin Holiness Church**
301 Ilang Ilang St. Flores Village, Bangkal, Davao City, Pilipinas
Pastor Kathryn Kim
0908-635-2714